

Filipino in the Computer Age: Concept in Computer Word Translation**Dyan Baccay-Valdepeñas**

Isabela State University

Cabagan Campus

Abstract

A big challenge for the Filipino national Language is the arrival of the computer age or the “cyber world” that uses “cyber language”. Its specific purpose is to address what is the concept of teachers and student in relation to computer translations used in translation and the technical and communicative translation method is the main preference for computer word translation agreed by teachers and students. This study covers all teacher teaching computer at Isabela State University, Cabagan campus and fourth year students taking computer subject. This study was limited to the self-concept of teachers and students in computer translations conducted by the researcher through technical and communicative translation.

Keywords: Filipino sa Computer Age, Konsepto, pagsasaling komunikatibo, pagsasaling teknikal, saling salitang computer

Isang malaking hamon para sa wikang pambansang Filipino ang pagdatal ngayon ng computer age o ang 'cyber world' na gumagamit ng 'cyber language'. Ispesipikong layunin nito na tugunan kung ano ang konsepto ng mga guro at mag-aaral kaugnay ng mga saling salitang computer na ginagamit sa pagsasalin at ang paraan ng saling teknikal at komunikatibo ang pangunahing preperensya sa pagsasalin ng mga salitang computer ang sinang- ayunan ng mga guro at mag-aaral. Saklaw ng pag-aaral na ito ang lahat ng gurong nagtuturo ng computer sa Isabela State University, Cabagan at mga estudyanteng nasa ikaapat na taon na kumukuha ng asignaturang computer. Inilimita lamang ang pag-aaral na ito sa panariling konsepto (self-concept) ng mga guro at mag-aaral sa mga saling salitang computer na isinagawa ng mananaliksik sa pamamagitan ng pagsasaling teknikal at komunikatibo.

Keywords: Filipino sa Computer Age, Konsepto, pagsasaling komunikatibo, pagsasaling teknikal, saling salitang computer

Kaligiran ng Pagaaral

Malinaw na ang pagtingin ay global/pandaigdigang na at upang makasabay sa mabilis na pandaigdigang pagsulong ng kaalaman, mahalagang maihanda ang wikang Filipino sapagkat may paniniwalang may kakulangan ito sa mekanismong linggwistiko (Siao 1999). Ang globalisasyon ay matatamasa nang mas magaling at mas mahusay kung pag-iibayuhin ang pagpapatingkad ng sariling kalinangan at kultura. Susi rito ang pagpapaunlad ng wikang pambansang Filipino at Literatura (Espiritu 2001).

Maituturing isa sa pinakamahasay na larangan sa pagpapaunlad at/o pagpapayaman ng wika ay ang pagsasalin (Siplac, 2022). Kailangan ang pagsasalin para makaabot ang gamit ng isang wikang pambansa sa intelektwalisasyon o pagpapayaman ng register ng wika. Pagdedebelop ito ng literaturang nasulat sa iba't ibang disiplina ng karunungan. Saang disiplina kabilang ang Agham Pang-computer at anong wika ang ginagamit dito? Nagbigay ng mga kategorya ng asignaturang pang-edukasyon si Khubchandaui (sa Fortunato 2006) at ang isa rito ay may ganitong deskripsyon:

Asignaturang nangan gallangan ng dem onstrasyon at nanghahawakan ng malakihan sa mga konkretong simbolong biswal at iba ang simbolong labas sa wika; asignatura sa syensya at teknolohiya gaya ng medesina, inhinyera, pisika, zoology, computer at ilan pang asignatura sa lebel tersyari na gumagamit ng simbolong di-linggwistiks, kasama ang matematika at astronomiya.

Layunin ng Pag-aaral

Ispesipikong layunin nito na tugunan ang mga sumusunod na tanong:

1. Konsepto ng mga guro at estudyante kaugnay ng mga saling salitang computer sa pagsasalin
2. Paraang saling teknikal at komunikatibo ang preperensya sa pagsasalin ng mga saling salitang computer

Metodolohiya

Ginamit ng pag-aaral na ito ang deskriptibong disenyo ng reserts sa pamaraang sarbey sa pamamagitan ng kwestiyonaryo sa pagtanto at paglalarawan ng panariling konsepto sa mga saling salitang computer ng mga guro at mga estudyante. Ang mga sumusunod na hakbang ay isinagawa sa paglikom ng datos: Ipinabasa muna sa mga guro at estudyante ang isinagawang salin (na may tatlong anyo ng salin) mula sa dalawang (2) tekstong Ingles na mga aralin sa larangan ng computer. Pagkatapos basahin ang dalawang teksto at iba't ibang anyo ng salin nito, ipinasagot sa mga guro at estudyante ang kwestiyonaryo na kinapapalooban ng limang (5) katanungan hinggil sa kanilang panariling konsepto sa mga nabasang mga anyo ng salin. Sinuri at binigyang-kahulugan ang mga nalikom na datos sa paraang kwantiteytib. Sa pag-aaral na ito, ginamit ang dalawang binasang teksto mula sa mga aralin sa larangan ng computer at isinalin sa Filipino gamit ang pagsasalang teknikal at komunikatibo na batay sa mga teorya ni Newmark (1998), Larson (1994), Nida at Taber (1992) at ni de Castro (2006) sa pamamagitan ng tatlong (3) paraan ng pagpapahayag ng mga konseptong pang-computer: (a) Humiram sa Ingles nang walang pagbabago sa ispelang lalo na kung panteknikal ang terminolohiya; (b) Baguhin ang ispelang ng terminong Ingles ayon sa Ortograpiyang Filipino; (c) Gamitin hangga't maaari ang katumbas na salin sa Filipino, maging ibang mga salitang ingles na may kaugnayan sa salitang teknikal.

Pagtalakay

Isinagawa ang pagsasalin nang tatlong beses (e.g. Salin 1, Salin 2 at Salin 3) na may iba't ibang anyo na siyang binasa ng mga guro at mag-aaral na kasangkot sa pag-aaral na ito. Idinaan sa editing ang ginawang mga salin sa pamamagitan ng isang eksperto sa pagsasalin na si Dr. Vilma M.

Resuma ng Kolehiyo ng Arte at Literatura, UP Diliman. Sa ginawang pagsusuri ng datos, ginamit ang frequency counting, percentage, ranking at Fisher's exact probability test sa 0.05 antas ng kabuluhan sa pagtanto ng kabuluhan sa pagkakaiba ng panariling konsepto ng mga guro at estudyante sa pagtanggap ng tatlong anyo ng pagsasalin sa mga saling salitang computer. Lumabas sa ginawang pagsusuri sa mga panariling konsepto ng mga respondenteng mga guro at mag-aaral kaugnay ng kanilang panariling konsepto sa mga saling salitang computer na magkaiba ang kanilang konsepto kaugnay nito.

Salin na Katanggap-tanggap sa mga Guro at Estudyante

| Mga Salin | Guro | | Estudyante | | Kabuuang | | Ranggo |
|-----------|--------|-------|------------|-------|----------|-------|--------|
| | Bilang | % | Bilang | % | Bilang | % | |
| SALIN 1 | 8 | 61.54 | 62 | 52.1 | 70 | 53.03 | 1 |
| SALIN 2 | 4 | 30.77 | 38 | 31.43 | 42 | 31.82 | 2 |
| SALIN 3 | 1 | 7.69 | 19 | 15.97 | 20 | 15.15 | 3 |
| Kabuuang | 13 | 100 | 119 | 100 | 132 | 100 | |

Ipinakikita ng Talahanayan 1 na mas katanggap-tanggap ang Salin 1 sa mga guro na may kabuuang bilang na 8 o 61.54% at maging sa mga estudyante na may kabuuang bilang na 62 o 52.10%. Naging katanggap-tanggap naman ang Salin 2 sa mga guro na may bilang na 4 o 30.77% at sa mga estudyante na may kabuuang bilang na 38 o 31.93%, mayroon lamang 1 na guro o 7.69% at estudyante na 19 o 15.97% ang tumanggap o pumili ng Salin 3. Lumalabas ayon sa inilalahad ng talahanayan na higit na sinasang-ayunan ang paraan ng pagsasalang isinagawa sa Salin1 na pinatutunayan ng kabuuang bilang ng mga guro at mag-aaral na 70 o 53.03%.

Konsepto ng mga Guro at Estudyante sa Pagkakasalin ng Salin 1

| Mga Konsepto | GURO | | | ESTUDYANTE | | | KABUUAN | | |
|--|-----------|----|--------|------------|-------|--------|-----------|-------|--------|
| | Frikwensi | % | Ranggo | Frikwensi | % | Ranggo | Frikwensi | % | Ranggo |
| A. Tama lang ang pagkakasalin dahil halos lahat ng pinagarala sa computer aysa wikang Ingles | 2 | 25 | 2.5 | 39 | 63 | 1 | 41 | 58.57 | 1 |
| B. Mas malinaw at maayos ang | 2 | 25 | 2.5 | 32 | 51.61 | 2 | 34 | 48.57 | 2 |

| | | | | | | | | | |
|--|---|----|---|----|-------|---|----|-------|---|
| pagkakasalin | | | | | | | | | |
| C. Madaling maintindihan dahil hindi malalim ang mga salita. | 4 | 50 | 1 | 22 | 35.48 | 3 | 36 | 37.14 | 3 |

Inilalahad ng Talahanayan 2.1 na ang nangungunang konsepto ng mga guro sa Salin 1 ay ang letrang C - Madaling maintindihan dahil hindi malalim ang mga salita na pinagtibay ng frikwensi na 4 o 50% samantalang ang konsepto/saloobin sa letrang A - *Tama lang ba ang pagkakasalin dahil halos lahat ng pinag-aralan sa computer ay nasa wikang Ingles* at letrang B - *Mas malinaw at maayos ang pagkakasalin ay parehong pumapangalawa* sa frikwensi na 2 o 25%. Sa mga estudyante naman, nangunguna ang letrang A - *Tama lang ang pagkakasalin dahil halos lahat ng pinag-aralan sa computer ay nasa wikang Ingles na pinatunayan* ng frikwensi na 39 o 63%; pumapangalawa ang letrang B - *Mas malinaw at maayos ang pagkakasalin* sa frikwensi na 32 o 51.61% at pumapangatlo ang letrang C - *Madaling maintindihan dahil hindi malalim ang mga salita* sa frikwensi na 22 o 35.48%. Subalit sa kabuuan, lumalabas na ang pangunahing saloobin ng mga guro at estudyante hinggil sa pagkakasalin ng Salin 1 ay ang letrang A sa kabuuang frikwensi na 41 o 58.57%.

Konsepto ng mga Guro at Estudyante sa Pagkakasalin ng Salin 2

| Mga Konsepto | GURO | | | ESTUDYANTE | | | KABUUAN | | |
|--|-----------|-----|--------|------------|-------|--------|-----------|-------|--------|
| | Frikwensi | % | Ranggo | Frikwensi | % | Ranggo | Frikwensi | % | Ranggo |
| A. Mas malinaw at maganda ang pagkakasalin | 3 | 75 | 2 | 15 | 39.42 | 1 | 18 | 58.57 | 1.5 |
| B. Hindi nakakalito ang pagbaybay ng mga salitang teknikal | 4 | 100 | 1 | 14 | 36.84 | 2 | 18 | 48.57 | 1.5 |
| C. Mas naintindihan ang diwa ng | 2 | 50 | 3 | 12 | 31.57 | 3 | 36 | 14 | 2 |

| | | | | | | | | | |
|--|--|--|--|--|--|--|--|--|--|
| teksto dahil mahusay ang pagkakaayos ng salita | | | | | | | | | |
|--|--|--|--|--|--|--|--|--|--|

Sa Talahanayan, Ang konsepto ng mga guro sa Salin 2 ay inayos sa pamamagitan ng mga sumusunod na ranggo; (1) B- *Hindi nakakalito ang pagbaybay ng mga salitang teknikal* (4 o 100%) (2) C - *Mas naiintindihan ang diwa ng teksto dahil mahusay ang pagkakaayos ng mga salita* (2 o 50%) at (3) A - *Mas malinaw at mas maganda ang pagkakasalin* (3 o 75%). Ipinakikita ng parehong talahanayan na ang konsepto/saloobin ng mga mag- aaral sa Salin 2 ay may ganitong pagkakasunod-sunod: (1) A - *Mas malinaw at mas maganda ang pagkakasalin* (15 o 39.47%); (2) B - *Hindi nakakalito ang pagbaybay ng mga salitang teknikal* (14 o 36.84%); (3) C - *Mas naintindihan ang diwa ng teksto dahil mahusay ang pagkakaayos ng mga salita* (12 o 31.57%). Ang konsepto/saloobin ng mga guro at estudyante sa kabuuan ay ipinakikita ng sumusunod na ranggo: (1) A - *Mas malinaw at mas maganda ang pagkakasalin* at B - *Hindi nakakalito ang pagbaybay ng mga salitang teknikal* (18 o 42.85%) at (2) C - *Mas naiintindihan ang diwa ng teksto dahil mahusay ang pagkakaayos ng mga salita* (14 o 33.33%).

Konsepto ng mga Guro at Estudyante sa Pagkakasalin ng Salin 3

| Mga Konsepto | GURO | | | ESTUDYANTE | | | KABUUAN | | |
|---|-----------|-----|--------|------------|-------|--------|-----------|----|--------|
| | Frikwensi | % | Ranggo | Frikwensi | % | Ranggo | Frikwensi | % | Ranggo |
| A. Tama lang ang paraan ng pagsasalin na mas marami ang Filipino para maunawaan | 1 | 100 | 2 | 6 | 31.57 | 3 | 7 | 35 | 3 |
| B. Mas simple, mas malinaw at mas madaling maintindihan | 1 | 100 | 2 | 8 | 42.10 | 2 | 9 | 45 | 2 |

| | | | | | | | | | |
|---|---|-----|---|----|-------|---|----|----|---|
| C. Mas napapanatili nito ang orihinal na teksto | 1 | 100 | 2 | 10 | 52.63 | 1 | 11 | 55 | 1 |
|---|---|-----|---|----|-------|---|----|----|---|

Inilalahad ng Talahanayan 2.3 na ang konsepto/saloobin ng mga guro sa Salin 3 ay pare-pareho na binibigyang-bigat ng parehong frikwensi na 1 o 100% samantalang ang nangungunang konsepto/saloobin ng mga estudyante ay ang letrang C - *Mas napapanatili nito ang orihinal na teksto sa frikwensi na 10 o 52.63%* sumunod lang ditto ang letrang B - *Mas simple, mas malinaw at mas madaling maintindihan na may frikwensi na 8 o 42.10%* sinundan ng letrang A - *Tama lang ang paraan ng pagsasalin na mas marami ang Filipino para maunawaan na may frikwensi na 6 o 31.57%*. Lumalabas sa kabuuan na ang konsepto ng mga guro at estudyante sa Salin 3 ay ang sumusund ayon sa ranggo: (1) C - *Mas napapanatili nito ang orihinal na teksto* (11 o 55%); (2) B - *Mas simple, mas malinaw at mas madaling maintindihan* (9 o 45%) at (3) A - *tama lang ang paraan ng pagsasalin na mas marami ang Filipino para maunawaan* (7 o 35%)

Distribusyon ng mga Katugunan ng mga Guro at estudyante sa kapakinabangan ng Pagsasalin sa Pagtuturo-Pagkatuto

| Respondente | Katugunan | | | | Kabuuhan | |
|----------------|------------|------|----------|------|------------|------------|
| | Oo | | Hindi | | Bilang | % |
| | Bilang | % | Bilang | % | | |
| Guro | 11 | 84.6 | 2 | 15.4 | 13 | 9.85 |
| Estudyante | 119 | 100 | 0 | 0 | 119 | 90.15 |
| KABUUAN | 130 | | 2 | | 132 | 100 |

Ang kabuuang bilang ng mga guro na 11 o 84.6% at mga estudyante na 119 o 100% ay sumagot na "Oo" na nangangahulugan ng kanilang pagsang-ayon sa kapakinabangan ng isinagawang pagsasalin sa prosesong pagtuturo-pagkatuto samantalang may 2 o 15.38% na guro lamang ang sumagot ng "Hindi" at wala sa mga estudyante.

Positibong Saloobin ng mga Guro at Estudyante Paraang Ginamit sa Saling teknikal at Komunikatibo

| Mga Konsepto | GURO | | | ESTUDYANTE | | | KABUUAN | | |
|---|-----------|-------|--------|------------|-------|--------|-----------|----|--------|
| | Frikwensi | % | Ranggo | Frikwensi | % | Ranggo | Frikwensi | % | Ranggo |
| A. Dapat lamang na panatilihin ang mga salitang teknikal/comp | 6 | 54.54 | 1 | 48 | 40.33 | 1 | 54 | 35 | 1 |

| | | | | | | | | | |
|--|---|-------|---|----|-------|---|----|----|---|
| uter upang hindi malihis sa kahulugan | | | | | | | | | |
| B. Dapat lamang na isalin ang eksaktong kontekstwal na kahulugan ng orihinal sa wika/salitang katanggap-tanggap at madaling maunawaan ng mga mambabasa | 4 | 36.63 | 2 | 47 | 39.49 | 2 | 9 | 51 | 2 |
| C. Dapat lamang isa-Filipino ang ibang mga salita na may kaugnayan sa mga salitang teknikal upang maging mas malinaw ang diwa ng teksto | 2 | 18.18 | 3 | 45 | 37.81 | 3 | 11 | 47 | 3 |

Hinggil sa Positibong saloobin ng mga guro at estudyante sa paraang ginamit sa pagsasalin, ang higit na pinili ng mga guro na may frikwensi na 6 o 54.54% at mga estudyante sa frikwensi na 48 o 40.33% ay ang letrang A - *Dapat lamang na panatilihin ang mga salitang teknikal/computer upang hindi malihis sa kahulugan*; pumapangalawa ang letrang B - *Dapat lamang na isalin ang eksaktong kontekstwal na kahulugan ng orihinal sa wika/salitang katanggap-tanggap at madaling maunawaan ng mga mambabasa* may 4 o 36.36% sa mga guro at 47 o 39.49 naman sa mga estudyante, samantalang ikatlo ang letrang C - *Dapat lamang isa-Filipino ang ibang mga salita na may kaugnayan sa mga salitang teknikal upang maging mas malinaw ang diwa ng teksto* na may frikwensi na 2 o 18.18% sa mga guro habang sa mga estudyante ay 47 o 36.15%. Sa kabuuan, lumalabas na parehong nanguna ang letrang A - *Dapat lamang na panatilihin ang mga salitang teknikal/computer upang hindi malihis sa kahulugan* sa mga guro maging sa mga estudyante na may frikwensi na 54 o 41.53%

Negatibong Saloobin ng mga Guro at Estudyante sa Paraang Ginamit sa Saling Teknikal at Komunikatibo.

| Mga Konsepto | GURO | | | ESTUDYANTE | | | KABUUAN | | |
|--------------|-----------|---|--------|------------|---|--------|-----------|---|--------|
| | Frikwensi | % | Ranggo | Frikwensi | % | Ranggo | Frikwensi | % | Ranggo |

| | | | | | | | | | |
|--|---|---------|---|---|---|---|---|---------|---|
| A. Dapat gamitin ang baybay Filipino sa mga salitang teknikal/computer upang maging mas malinaw at maayos ang salin | 2 | 50 | 2 | 0 | 0 | 0 | 1 | 50 | 2 |
| B. Dapat isalin o hanapan ng katumbas na salita sa Filipino ang mga salitang teknikal/computer upang mapaunlad talaga ang wika | 2 | 10 0 | 1 | 0 | 0 | 0 | 2 | 10 0 | 1 |
| C. Dapat mas maraming salitang Filipino at baybay Filipino ang salin upang apalitaw ang diwa ng teksto | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 |

Makikita naman ang negatibong saloobin ng mga guro at estudyante sa ganitong paraan ng pagsasalin ay binigyang-paliwanag. Sa mga guro, ang nanguna na may frikwensi na 2 o 100% ay letrang B - Dapat isalin o hanapan ng katumbas na salita sa Filipino ang mga salitang teknikal/computer upang mapaunlad talaga ang wika; ikalawa lamang na may 1 o 50% naman ay letrang A - *Dapat gamitin ang baybay-Filipino sa mga salitang teknikal/computer upang maging mas malinaw at maayos ang salin* samantalang walang sumagot sa mga estudyante ng negatibong saloobin hinggil dito. Lumalabas sa kabuuan ang hindi pagsang-ayon ng dalawang guro sa paraans ginamit sa pagsasalin na may frikwensi na 2 o 100% sa Letrang B - *Dapat isalin o hanapan ng katumbas na salita sa Filipino ang mga salitang teknikal/computer upang mapaunlad talaga ang wika*.

Pangunahing Preperensya ng mga Guro at Estudyante sa Saling Salitang Computer

| Preperensya na Salin | Guro | | Estudyante | | Kabuanan | |
|----------------------|--------|---|------------|---|----------|---|
| | Bilang | % | Bilang | % | Bilang | % |

<https://ijase.org>

| | | | | | | |
|--|-----------|-----|------------|------|------------|------------|
| A. Humiram sa Ingles nang walang pagbabago sa ispeleng lalo na kung penteknikal ang terminolohiya | 13 | 100 | 26 | 21.9 | 39 | 29.54 |
| B. Baguhin ang ispeleng ng terminong Ingles ayon sa Ortograpiyang Filipino | 0 | 0 | 9 | 7.6 | 9 | 6.82 |
| C. Gamitin hangga't maaari ang katumbas na salin sa Filipino, maging ibang mga saling Ingles na may kaugnayan sa saling teknikal | 0 | 0 | 84 | 70.6 | 84 | 63.64 |
| Kabuuan | 13 | | 119 | | 132 | 100 |

Ang pangunahing preperensya ng mga guro at estudyante sa saling salitang computer na may kabuuang bilang na 13 o 100% ang sumasang-ayon sa unag preperensya na A. *Humiram sa Ingles nang walang pagbabago sa ispeleng lalo na kung penteknikal ang terminolohiya* taliwas sa mga estudyante na pumabor/sumang-ayon sa letrang C - *Gamitin hangga't maaari ang katumbas na salin sa Filipino, maging ibang mga saling ingles na may kaugnayan sa saling teknikal* na sinusuportahan ng bilang na 84 o 70.6%; ikalawang preperensya lamang sa kanila ang letrang A - *Humiram sa Ingles ng walang pagbabago sa ispeleng lalo na kung panteknikal ang terminolohiya* at ang ikatlo ay ang letrang B - *Baguhin ang ispeleng ng terminong Ingles ayon sa Ortograpiyang Filipino* na itinataguyod ng may 9 o 7.6%.

Sa kabuuan, lumalabas na magkaiba ang pangunahing preperensya ng mga guro at mga estudyante hinggil sa saling salitang computer

Konklusyon

Sa kinalabasan ng ginawang pagsusuri, nabuo ang mga sumusunod na konklusyon: Malinaw na tinatanggap at sinasang-ayunan ng mga guro at estudyante ang mga paraan ng pagsasalang teknikal at komunikatibo sa mga saling salitang computer bagamat higit na umaayon ang mga guro sa panghihiram sa Ingles sa mga teknikal na terminolohiya. Kinakitaan ng kapakinabangan ng mga guro at mga estudyante ang gawaing pagsasalang teknikal at komunikatibo sa prosesong pagtuturo-pagkatuto sa larangan ng computer. Pangunahing preperensya ng mga Estudyante ang paggamit ng mga katumbas na salin sa Filipino ng mga terminolohiyang teknikal hangga't maaari.

Sanggunian

Almario, Virgilio S. (2006). *Wikang Filipino sa Milenyum. Talisik*. Maynila: Pamantasang Normal ng Pilipinas.

Banares, A. J. (2022). Reinterpreting Sonnet 18 by William Shakespeare through Stylistic Analysis. *International Journal of Arts, Sciences and Education*, 3(July Special Issue), 189–204. <https://ijase.org/index.php/ijase/article/view/163>

Campoamor, Siao L. (1999). *Modernisasyon ng Walang Sandatang Hukbo. Lagda Pilipinas I*. Quezon City: Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas

Costantino, Pamela C. (2005). *Pagpaplanong Pangwika*. Quezon City. UP SWF.

De Castro, Imelda P. (2006). *Filipino sa Medisina at Inhinyera*. Minanga. Quezon City: UP-SWF

Espiritu, Clemencia C. (2001). "Ang Pagbabago sa Wikang Filipino sa Panahon ng Computer." *Talisik*, Maynila: Pamntasang Normal ng Pilipinas.

Fortunato, Teresita F. (2006). *Ortograpiyang Filipino: Modernisasyon at Intelektwalisasyon*. Maynila: De La Salle Press.

Gonzales, Andrew, FSC & B.P. Sibayan. (1998). *Evaluating Bilingual education in the Philippines*. Manila: Liguistic Society of the Philippines.

Larson, Mildred I. (1994). *Meaning Based Translation: A Guide to Cross- Language Equivalence*. University Press of America.

Newmark, Peter. (1998). *Textbook of Translation*. Prentise Hall International, U.K.: Ltd.

Nida, E. at C. Taber. (1992). *The Theory and Practice of Translation*. United Bible Societies.

Pineda, Amado B.P. (2000). *Computer Age: Filipino ng mga Pilipino*. Manila: Komisyon sa Wikang Filipino.

Santiago, Alfonso Q. (1994). *Sining ng Pagsasalang Wika Mula sa Ingles*. Manila: Rex Bookstore.

Santiago, Lilia Q. (2006). *Mga Pagmumuni sa Globalisasyon*. Quezon City: UP-SWF

<https://ijase.org>



SIPLIC, G. (2021). Elucidating the Translated Itawes Proverbs: A Communicational Approach. *International Journal of Arts, Sciences and Education*, 2(1), 132–144. Retrieved from <https://www.ijase.org/index.php/ijase/article/view/73>

SIPLAC, G. (2022). An Analysis and Translation of Selected Filipino Elogy. *International Journal of Arts, Sciences and Education*, 3(2 June Issue), 249–261. Retrieved from <https://www.mail.ijase.org/index.php/ijase/article/view/145>